4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 4

Aralin 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 4: Aralin 2 (Linggo 3)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Marnie Lipata Vega

**Tagasuri:** Liza T. Bacierra

**Mga Tagapamahala**


Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtupad ng pamilya sa mga alituntunin ng pamayanan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga alituntuning sinusunod ng pamilyang kinabibilangan sa pang-araw-araw na pamumuhay bilang tanda ng pagiging masunurin. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasabuhay ng pagiging masunurin sa pamamagitan ng panghihikayat sa iba na tumalima sa mga alituntunin sa pamayanan.<br><br>a. Naiisa-isa ang mga alituntuning sinusunod ng pamilyang kinabibilangan sa pamayanan.<br>b. Naipaliliwanag na ang pagtupad ng pamilya sa mga alituntunin ng pamayanan ay mahalagang gampanin para sa ligtas, maayos, at mapayapang lipunan.<br>c. Nailalapat ang mga alituntuning sinusunod ng pamilyang kinabibilangan sa pang-araw-araw na pamumuhay. |
| **D. Nilalaman** | Pagtupad ng Pamilya sa mga Alituntunin ng Pamayanan<br><br>4. Alituntunin o Patakaran at Bakit ito Mahalaga<br>5. Mga Alituntunin sa Pamayanan na Dapat Tuparin ng Pamilya<br>6. Palagiang Pagsunod sa mga Alituntunin sa Pamayanan |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Masunurin (Obedience) |
| **F. Integrasyon** | Pagsunod sa mga alituntunin unang hakbang sa pagpapatupad ng kapayapaan<br>Mga alituntunin tulay sa paghubog ng mabuting gawi at maunlad na bansa. |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| **MDR Bros. Education Channel** https://youtu.be/WB3zolACjuI?si=3aGBaAEXFE1VxsP4<br>**Pagkakaiba nga alituntunin sa batas** https://www.youtube.com/@banetube6178 |

Palagiang Pagsunod sa mga Alituntunin sa Pamayanan
OpenAI. (2024). ChatGPT (3.5) [Large language model]. https://chat.openai.com
Mga Larawan https://www.twinkl.com.ph

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**<br><br>***(Mind and Mood)*** | **UNANG ARAW**<br><br>**Maikling Balik-aral**<br><br>**Tanong:**<br>1. Ilarawan ang pagkakaiba at pagkakapareho ng batas at tungkulin.<br>2. Bakit mahalaga ang pagsunod sa mga alituntunin?<br>3. Paano na-uugnay ang mga alituntunin sa ating mga karapatan at tungkulin?<br><br>**Panghikayat na Gawain**<br><br>Punan ang kahon na "Ito ang sagot ko ngayon" ng iyong sagot sa mahalagang tanong na "bakit mayroon tayong mga alituntunin sa pamayanan". Isulat ito sa iyong kuwaderno.<br><br> | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Ibigay ang kahulugan at gumawa ng pangungusap mula sa mga salitang nakalista sa ibaba.

| Salita | Kahulugan | Pangungusap |
|---|---|---|
| 1.Alituntunin | | |
| 2. Pamayanan | | |

</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>A. Paglalahad ng Layunin (Aims)</td>
<td>

**IKALAWANG ARAW**

**Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**Isip-Usap-Sulat-Ulat:**

**Tanong:** Ano kaya ang mangyayari kung walang mga alituntunin sa paaralan, sa kalsada, sa pamilya at sa pamayanan?"

1.Kumuha ng pareha at mag-isip ng tatlo hanggang limang sagot sa tanong.<br>
2.Kumuha kayo ng isa pang pares at bumuo ng apat na grupo upang pag-usapan ang inyong naisip na mga sagot.<br>
3. Isulat ang inyong mga sagot sa *manila paper* o papel.<br>
4. Iulat ito sa klase.

</td>
<td>

Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>
(20 min.)<br>
1. *Dyad*- pagsamahin ang mag-aaral na magkakatabi sa upuan upang gawin ang<br>
**Isip** (5.min) – mag-iisip ng tatlo hangang limang paliwanag o sagot sa tanong basi sa itinalagang lugar.<br>
**Usap** (5 min) - pag-uusapan sa grupo ang sagot ng bawat isa upang maiwasto.<br>
**Sulat** (5 min.) - Isusulat ng bawat isa sa isang bahagi ng *manila paper* ang kanilang mga paliwanag na aprobado na ng buong grupo.<br>
**Ulat** (5 min.) - Iuulat nila ang kanilang mga paliwang sa buong klase.

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | <br>Paaralan<br><br>Tahanan<br><br>Kalsada<br><br>Pamayanan | Sasagutin nila ang tanong na “ano kaya ang mangyayari kung walang mga alituntuntunin?” Isang mag-aaral ang sasagot para sa paaralan at pamilya at ang isa naman ang sasagot para sa kalsada at pamayanan.<br>**Tandaan**:<br>Maaari ring apat na miyembro sa bawat grupo. Mahalagang ang bawat isa ay makapagbigay ng di bababa sa tatlong paliwanag sa bawat lugar na nakatakda sa kanila. Maaari silang magtanong sa mga kasama sa grupo lamang. Sa sulat ay maaaring *manila paper* o *digital tool* ang gamitin. Kailangan ang mag-aaral na nakatakda sa bawat lugar ay siyang magsusulat at mag-uulat ng kaniyang gawa para matapos sa itinakdang oras ang gawain.<br><br>Bigyan ang bawat grupo ng tigdalawang minuto para mag-ulat ng kanilang gawa. Susumahin ng guro ang kabuoang presentasyon ng mga mag-aaral. Bigyang diin ang magkakaparehong sagot mula sa iba’t ibang grupo. Ang layunin ay makita ng mag-aaral |

| | | |
|---|---|---|
| | | ang kahalagahan ng pagsunod sa mga alituntunin. |
| | **Kaugnay na Paksa 4:**<br>**Alituntunin o Patakaran Bakit ito Mahalaga?**<br><br>Ang mga alituntunin o patakaran ay hango sa ating mga tungkulin na nag-ugat mula sa ating mga Karapatan. May mga patakaran tayo dahil tayong lahat ay mayroong mga karapatan. Ang karapatan na tratuhin nang pantay. Ang karapatan na maging ligtas. Ang karapatan na marinig. Ang karapatan na mag-aral at iba pa. Ang mga alituntunin ay nagsisilbing tagapag-paalala sa ating mga tungkulin na huwag abusuhin o ipagwalang bahala ang ating mga karapatan. Manipis lamang ang pagitan ng ating mga karapatan at tungkulin. Maaaring mas madali para sa atin na angkinin ang ating mga karapatan at kalimutan ang ating mga tungkulin kaya't ang mga alituntunin ay mahalagang instrumento na nagsisislbing paalala o babala at matulungan tayo na balansihin ang pag-angkin sa ating mga karapatan at tungkulin. Sa ganitong paraan lamang tayo mabubuhay ng maayos at payapa sa ating komunidad at makapamuhay ng produktibo at may dignidad bilang bahagi ng lipunan. Ang mga patakaran at batas ay nagliligtas sa atin at nangangalaga sa ating mga karapatan (twinkl.com.ph n.d.). Kung walang mga alituntunin at batas tayo ay magigging tulad sa mga ganid na hayop (**Prison Break, Season 3 Quotes.** n.d.).<br><br>**Pagproseso ng Pag-unawa:**<br>**Panuto:** Kumuha ng kapareha, pag-usapan at ilista ang mga alituntunin sa pamayanan na sinusunod mo at nang iyong pamilya. Ilista ang mga paraan ng pagsunod na iyong ginagawa. Gabay mo ang halimbawa sa loob ng kahon.<br><br>**Mga Alituntunin sa Aking Pamayanan**<br><br>Mga Alitruntunin sa aming bayan tungkol sa wastong pamamahala sa basura<br>1.____________________<br>2.____________________<br>3.____________________<br><br>Mga Alitruntunin sa aming bayan tungkol sa Pangangalaga sa kalikasan.<br>1.____________________<br>2.____________________<br>3.____________________<br>4.____________________ | **Paglinang at Pagpapalalim**<br>Sa pagpapalalim, ang layunin ay:<br>a. linawin ang mahahalagang konsepto. ( bigyang kahulugan)<br>b. bigyan ng halaga ang *big idea* upang mahikayat ang mag-aaral na<br>c. isabuhay ito.<br><br>Gawin ito gamit ang *"Jigsaw Method"*<br><br>**Panimula:**<br><br>**Panuto:**<br>1. Hatiin ang klase sa jigsaw group na may apat (4) na miyembro.<br>2. Italaga ang apat na miyembro sa apat na magkaka-ugnay na paksa ng pagpapalalim. Ipabasa sa kanila ng mag-isa ang paksang nakalaan sa kanila at pasagutan ang mga |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 5: Mga Alituntunin sa Pamayanan na Dapat Tuparin ng Pamilya?**<br><br>Ang mga tuntunin o mga patakaran sa bawat pamayanan ay dapat sundin ng lahat ng pamilyang nakatira rito upang makamit ang kabutihang panlahat. Ang pagsunod sa mga patakaran o alituntunin sa pamayanan ay mabuting gawi na dapat ay palaging isinasabuhay ng mga mamamayang Pilipino.<br><br>Kahit ikaw ay bata pa, may magagawa kang paraan upang makapagpahayag na ang pagsunod sa tuntunin ng pamayanan ay isang tanda ng mabuting pag-uugali ng isang Pilipino. Ang mga tuntunin ng ating pamayanan ay pinag-isipan at pinagkasunduan ng mga namamahala sa ating pamayanan. Layunin nilang mapa-unlad at maisaayos ang ating pamayanan. Makakatulong tayo sa pamayanan kung susunod tayo sa mga alituntunin na kanilang ipinatutupad. Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng disiplina sa ating sarili. Narito ang ilan sa mga alituntunin na dapat nating sinusunod sa ating pamayanan.<br><br>1. Huwag putulin ang mga puno<br>2. Tumawid sa tamang tawiran.<br>3. Sumunod sa mga batas trapiko.<br>4. Panatilihin ang kalinisan sa pamayanan.<br>5. lagay ang basura sa tamang lalagyan.<br>6. Mag-ingat sa pagbaba at pag-akyat sa hagdanan.<br>7. Tumingin sa kaliwa at sa kanan bago tumawid sa daan.<br>8. Gamitin ng wasto ang mga pampublikong palikuran. | pamprosesong tanong sa dulo ng bawat paksa.<br>3. Pagkatapos ng indibidwal na pag-aaral, magtitipon bilang mga eksperto ng bawat paksa upang ihambing ang kanilang mga ideya, linawin ang mga maling kuro-kuro at pagtibayin ang mahahalagang konsepto.<br>4. Pagkatapos linawin at pagtibayin ang mga sagot ng bawat isa ng paksa sa kani-kanilang *expert group* ay babalik sila sa kanilang *jigsaw group* at ang bawat isa ay magbabahagi ng paksang napili alinsunod sa pagkakasunod-sunod ng paksa 4,5,6. Ang pinagtibay na sagot sa mga tanong sa bawat paksa ang iuulat ng bawat isang miyembro ng grupo. Habang ang ibang miyembro ay nakikinig nagtatanong at nagsusulat. Uulitin ang parehong proseso sa pangalawa hangang sa pang-apat na miyembro upang malaman ng lahat ng miyembro ang |

| | | |
|---|---|---|
| | 9. Paghiwalayin ang nabubulok sa hindi nabubulok na basura.<br>10. Makilahok sa mga proyekto o programa ng pamayanan para sa mga kabataan.<br>Kailangan ang isang mamamayan ay sumunod sa mga tuntunin na ipinatutupad ng pamayanan upang magkaroon ng kaayusan at kapayapaan sa lipunan. Huwag nating baliwalain ang mga tuntuning ito. Dapat tayong makiisa at sumunod sa mga patakaran upang magkaroon ng isang maayos at payapang pamayanan. Ikaw ano ang ginagawa mo bilang mag-aaral upang masunod ang mga alituntunin? Mahalaga ang pagsunod sa mga alituntunin sa pamayanan ito ay para sa kaligtasan mo at ng iyong pamilya.<br><br>**Pagproseso ng Pag-unawa:**<br><br>Ipaliwanag kung ano ang naunawaan mo tungkol sa mga alituntunin sa pamayanan, buoin lamang ang umpisang pangungusap sa loob ng kahon. Ilista rin ang mga patakaran sa inyong pamayanan na alam mo at ipaliwanag kung bakit mahalaga ito. | kabuoan ng apat na paksa.<br><br>***Note*:** ilaan ang 45 minuto para sa buong gawain<br>10 min-para sa indibidwal na pagbabasa at pagsagot sa tanong<br>10 min.- para paglilinaw at pgtitibay ng sagot sa *expert group*<br>20 min.-para sa pag-uulat ng apat na miyembro.<br>5 min. para sa pagbuo ng pangkat at pagbibigay ng panuto.<br>Magbigay ng *template ng jigsaw puzzle* na may rubrik na pupunan at isusumite ng bawat grupo pagkatapos ng gawain upang masigurong nakuha nila ang mga tamang sagot sa mga tanong sa bawat paksa.<br><br>**Kaugnay na paksa 5:** Ang layunin ng paksang ito ay maipaliwanag ng mag aaral ang kahalagahan ng mga alituntunin sa pamayanan at mailista ang mga patakaran sa kanilang komunidad mabigyang paliwanag ang kahalagahan nito |

| | | |
|---|---|---|
| | **Mga Patakaran Sa**<br>Alam mo<br>Na ang mga patakaran sa pamayanan ay… (kompletuhin ang pangungusap______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Gawai<br>Isulat ang mga patakaran sa pamayanan at bakit ito<br><br>Mga Alituntunin: 1______________ 2______________ 3.______________ 4.<br>Bakit ito Mahalaga: ______________ ______________ ______________<br><br>**IKAAPAT na ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 6: Palagiang Pagsunod sa mga Alituntunin sa Pamayanan**<br>**OpenAI. (2024). *ChatGPT* (3.5) [Large language model].**<br>**https://chat.openai.com**<br><br>Ang palagiang pagsunod sa mga alituntunin sa pamayanan ay mahalaga para sa pagpapanatili ng kaayusan, kaunlaran, at seguridad ng lahat ng mga kasapi ng lipunan. Narito ang ilang paraan kung paano maisasabuhay ang palagiang pagsunod sa mga alituntunin sa pamayanan: | upang mas maging madali ang pagsasabuhay nila sa mga ito<br><br>Ang pamantayan sa tagumpay ng paksang ito ay maitala at makilala ng mag-aaral ang pagkakaiba ng batas sa alituntunin at kung ano ang kahihinatnan ng paglabag sa mga ito.<br><br>**Kaugnay na paksa 6**:<br>Ang layunin sa paksang ay matulungan ang mga mag.aaral na maisabuhay ang pagsunod sa mga alituntunin. Mahalagang maipaunawa sa mga mag-aaral na ang pag-aaral ay para maisabuhay nila ang mga ito.<br>Ang pamantayan sa tagumpay ng paksang ito ay kung mailalarawan ng mag-aaral kung ano ang kanyang gagawing aksyon kaugnay sa limang paraaan ng pagsasabuhay bilang pagpapakita ng pagsunod sa mga alituntunin |



**1. Pagpapakita ng mabuting halimbawa:** Bilang isang indibidwal, mahalaga na maging halimbawa ka ng maayos na pag-uugali at pagsunod sa mga alituntunin. Ang iyong mga kilos ay maaaring maging inspirasyon sa iba upang gawin rin ang parehong bagay.



**2. Pakikilahok sa mga aktibidad komunidad :** Sumali sa mga aktibidad ng komunidad na naglalayong magturo at magtaguyod ng mga halaga ng pagsunod sa mga alituntunin. Ito ay maaaring maging isang paraan upang makilala ang mga kapwa na may parehong pananaw at layunin.



**3. Pakikipagtulungan sa mga awtoridad:** Maging handa na makipagtulungan sa mga awtoridad sa pamayanan tulad ng mga lokal na opisyal at pulisya. Ang pagbibigay ng impormasyon at pagtulong sa pagpapatupad ng mga batas at regulasyon ay magpapakita ng iyong paggalang at pakikiisa sa buong pamayanan.



**4. Edukasyon at kampanya:** Magsagawa o sumuporta sa mga edukasyonal na kampanya tungkol sa kahalagahan ng pagsunod sa mga alituntunin sa pamayanan. Ang pagpapalawak ng kaalaman at pag-unawa ng mga tao sa mga batas at regulasyon ay maaaring magdulot ng mas malawak na suporta at pagsunod.




**5. Regular na nagpapaalala:** Magbigay ng regular na paalala sa mga kasapi ng pamilya at komunidad tungkol sa mga mahahalagang alituntunin at regulasyon. Maaaring ito ay sa pamamagitan ng pagpapaskil ng mga abiso sa mga pampublikong lugar o pamamagitan ng mga komunikasyon sa mga lokal na pamahalaan.

Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, ang palagiang pagsunod sa mga alituntunin sa pamayanan ay maaaring maisabuhay at mapanatili, na naglalayong magbigay ng isang mas ligtas, may kaayusan, at mas maunlad na pamayanan para sa lahat.

**Gawang Aralin 1: Mapa-Isip**


**Panuto:** Upang maisabuhay mo ang palagiang pagsunod sa mga alituntunin, ilarawan kung paano mo gagawin ang sumusunod na mga paraan ng pagsunod sa mga alituntunin

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Pagpapakita ng mabuting halimbawa — Gagawin ko ang________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br><br>2. Pakikilahok sa mga aktibidad sa komunidad — Gagawin ko ang________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>_<br><br>3.Pakikipagtulungan sa mga awtoridad — Gagawin ko ang________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br><br>4. Edukasyon at kampanya — Gagawin ko ang________________________________<br>______________________________________________<br>____________________________________________<br><br>5. Regular na pagpapa-alala — Gagawin ko ang________________________________<br>______________________________________________<br>____________________________________________ | **Pagsagot sa mahalagang tanong.**<br>Ang layunin ng Gawain ito ay makita ng guro at mag-aaral kung may pagbabago na sa kanilang kalaman tungkol sa tanong. Ang tawag dito ay feed foreward na ang layunin ay |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**Paglalapat at Pag-uugnay:**

Punan ang kahon na “pagkatapos ng pagtalakay” ng iyong sagot sa mahalagang tanong na “bakit mayroon tayong mga alituntunin sa pamayanan”. Isulat ito sa iyong kuwaderno.




</td>
<td>masuri ng mag-aaral ang sariling pagbabago sa kaalaman at hudyat kung kailang ng guro magpatuloy o balikan ang mga paksang hindi nauunawaan ng mga mag-aaral.</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>

**Pinatnubayang Pagsasanay**

**Pabaong Pagkatuto:** Sagutin ang mahalagang tanong gamit ang larawan na pantulong. Punan lamang ang mga patlang ng angkop na salita sa loob ng kahon.

</td>
<td>Ang pinatnubayang pagsasanay ay ibinibigay bilang pabaong pagkatuto puwede itong gawin indibidwal o magkapareha.</td>
</tr>
</table>



**Mahalagang Tanong**



Bakit mayroon tayong mga alituntunin sa pamayanan?





1. **ligtas,**
2. **maayos**
3. **mapayapang**
4. **mamamayan,**





Mauunawaan ng mag-aaral na mayroon tayong mga alituntunin sa pamayanan upang masiguro na ang mga ______________________ ay nakatira sa ____________________, ___________________, at _________________ Lipunan.

**Pagninilay sa Pagkatuto**

**Suri-Sarili:** Suriin ang iyong sariling mga paraan o proseso ng pagkatuto sa paksang ito. Gamitin ang tanong sa loob ng kahon bilang gabay sa pagsagot.

**Tamang Sagot:**
Mauunawaan ng mag- aaral na mayroon tayong mga alituntunin sa pamayanan upang masiguro na ang mga *mamamayan* ay nakatira sa *ligtas, maayos*, at *mapayapang*, Lipunan.

Ang pagninilay sa pagkatuto ay kailangan upang masuri ng mag-aaral ang kaniyang sariling kaalaman tungkol sa paksa puwede itong ibigay bilang repleksyon na gawain.

**Tanungin Mo Ang Iyong Sarili**

Anong bagong kaalaman tungkol sa patakaran at batas ang iyong natutuhan at bakit ito mahalaga?

Ang bagong kaalaman na aking natutuhan tungkol sa patakaran at batas ay_________________

______________________________
______________________________

Mahalaga ang mga bago kung natutuhan dahil..______________________

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
_______________

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA sa GURO |
| --- | --- |

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit. Essay**<br>Basahin at unawain ng mabuti ang tanong, ipaliwanag ang iyong sagot sa tatlo hangang limang pangungusap.<br><br>**Pangalan**_____________________________ **Seksyon:** __________________<br><br>Bigyang kahulugan, ano ba ang patakaran?<br><br>______________________________________________________________<br>______________________________________________________________<br><br>2. Ano ba ang batas?<br><br>______________________________________________________________<br>______________________________________________________________<br><br>3. Ano ba ang pagkakaiba ng patakaran sa batas?<br><br>______________________________________________________________<br>______________________________________________________________<br><br>4. Bakit mahalaga ang patakaran at batas sa pamayanan?<br><br>______________________________________________________________ | |

<table>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td>
</tr>
</table>